PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

5

# EPP

Unang Markahan – Modyul 4: Ikaapat na Linggo

## Negosyong Maaaring Mapagkakitaan sa Tahanan at Pamayanan

Vilma E. Kipkip at Marycris J. Barbaso



SMILE

SUPPORT MATERIAL FOR INDEPENDENT LEARNING ENGAGEMENT (SMILE)

A Joint Project of the
SCHOOLS DIVISION OF DIPOLOG CITY
and the
DIPOLOG CITY GOVERNMENT

**Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan – Ikalimang Baitang**
**Support Material for Independent Learning Engagement (SMILE)**
**Unang Markahan - Modyul 4: Negosyong Maaaring Mapagkakitaan sa Tahanan at Pamayanan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Vilma E. Kipkip at Marycris J. Barbaso
**Editor:** John Febb G. Vidal
**Tagasuri:** Jubie P. Belono-ac at John Febb G. Vidal
**Tagaguhit:**
**Tagalapat:** John Febb G. Vidal
**Tagapamahala:**

| | |
|---|---|
| Virgilio P. Batan | -Schools Division Superintendent |
| Jay S. Montealto | -Asst. Schools Division Superintendent |
| Amelinda D. Montero | -Chief Education Supervisor, CID |
| Nur N. Hussien | -Chief Education Supervisor, SGOD |
| Ronillo S. Yarag | -Education Program Supervisor, LRMS |
| Leo Martinno O. Alejo | -Project Development Officer II, LRMS |

**Inilimbag sa Pilipinas ng**

**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**


Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City
Telefax: (065) 212-6986
E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.ph



# *Alamin*

Gamit ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

1. Nakatutukoy sa mga negosyo na maaaring mapagkakitaan sa tahanan at pamayanan.



# *Subukin*

**Panuto: Tukuyin ang negosyong makikita sa tahanan at pamayanan na isinasaad sa bawat pangungusap. Isulat ang sagot sa kwarderno.**

______________1. Ito ay negosyong nag-aalok ng gupit sa mga kalalakihan.

______________2. Ito ay bilihan ng ibat-ibang produkto na karaniwan ay ibinibinta ng tingi-tingi.

______________3. Ito ay isang mapagkakakitaan na ang pangunahing produktong ibinibinta ay mga pagkain gaya ng ulam.

_____________ 4. Ito ay negosyong nag-aalok ng serbisyong pag-aayos ng mga sirang appliances.

_____________ 5. Ito ay negosyong gumagawa ng mga produktong gawa sa tela gaya ng damit, basahan at iba pa gamit ang isang makina.



# *Balikan*

**Panuto: Tukuyin kung sino ang nangangailangan ng mga sumusunod na produkto o serbisyo. Isulat ang sagot sa kwaderno.**

1. check-up mula isang doctor = ______________________
2. lapis, papel, modyul = ____________________________
3. diaper, gatas, pag-aalaga = _______________________
4. tela, makina = __________________________________
5. kahoy, martilyo, pako = ___________________________

# Aralin 4 Mga Negosyong Mapagkakakitaan sa Tahanan at Pamayanan



## *Tuklasin*

**Negosyo** ang tawag sa anumang gawain na nakakalikha ng anumang produkto at nagbebenta ng kalakal o serbisyo na tumutugon sa mga pangangailangang pampisikal, intelektuwal, sosyal o emosyonal ng tao. Ito rin ay tumutukoy sa anumang gawaing pang-ekonomiya na ang pangunahing layunin ay kumite



## *Suriin*

Sa isang pamayanan makikita ang ibat-ibang negosyo na nagbibigay produkto at serbisyo na sumasapat sa mga pangangailangan ng tao. Ang ilan sa mga karaniwang negosyo na itinatayo sa tahanan at pamayanan ay ang mga sumusunod:

***Computer Shop*** - nagbibigay ng serbisyo sa sinuman na naghahanap ng mga kakailangani't mahalagang impormasyon sa internet gamit ang computer.
***Loading Station*** – nagbebenta ng load na ginagamit pang-text, pangtawag, at pang-internet.
***Motorcycle Parts and Accessories Store***- nag-aalok ng mga produkto na may kinalaman sa mga bahagi ng motorsiklo
***Talyer*** – nagbibigay ng mga serbisyong may kinalaman sa pag-aayos ng mga sirang sasakyan,
***Beauty Parlor***- negosyong nag-aalok ng mga serbisyong konektado sa pagpapaganda gaya ng pagpapaayos ng buhok, pagpapa-make-up, pagpapalinis ng mga kuko, at iba pang kaugnay nito.
**Sari-Sari Store** – nagbibinta ng mga produkto sa paraang paisa-isa o tingi

**Buy and Sell** – negosyong may kinalaman sa pagbili ng anumang produkto at pagbenta nito sa mas mataas na presyo



# Pagyamanin

**Panuto: Isulat ang Tama kung tama ang isinasaad ng pangungusap at Mali kung mali.Isulat ang sagot sa kwarderno.**

. ____________1. Ang sari-sari store ay isang negosyong maaaring itayo sa tahanan.

____________2. Ang maliliit na negosyo ay nagbibigay ng karagdagang kita at nakakatulong para matugunan ang mga pangangailangan ng isang pamilya.

____________3. Dahil halos lahat ng tao ay abala, hindi na itinataguyod ng ang mga negosyo na nag-aalok ng serbisyong personal gaya ng mga beauty parlors.

____________4. Hindi kinikilala na negosyo ang pagbibinta ng mga pagkaing pangmeryenda tulad ng banana cue, camote cue, at iba pang kaugnay nito.

. ____________5. Ang Carpentry ay isang mainam na negosyong maaaring itayo sa tahanan.



# Isaisip

**Tandaan:**

- **Negosyo** ang tawag sa anumang gawain na nakakalikha ng anumang produkto at nagbebenta ng kalakal o serbisyo na tumutugon sa mga pangangailangang pampisikal, intelektuwal, sosyal o emosyonal ng tao.
- Sa pagtatayo ng negosyo, mahalagang matukoy at maplano muna kung ano ang mga negosyong maaring itayo sa tahanan at pamayanan upang masigurado na magiging matagumpay sa papasuking negosyo.
- Ilan sa mga halimbawa ng negosyong maaaring pagkakitaan sa pamayanan at tahanan ay ang *computer shop, loading station, motorcycle parts and accessories store, talyer, beauty parlor, sari-sari store at buy and sell.*



# *Isagawa*

**Panuto: Isulat sa kwaderno ang limang (5) negosyong karaniwang makikita sa inyong pamayanan.**

1. ____________________
2. ____________________
3. ____________________
4. ____________________
5. ____________________



# *Tayahin*

**A - Panuto: Basahing mabuti ang bawat pangungusap/tanong. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.**

1. Si Aling Maria ay may maliit na negosyong itinayo sa kanyang sariling tahanan. Sa negosyong ito, nagamit ni Aling Maria ang kanyang galing sa pagluluto ng ibat-ibang putahi. Alin sa mga sumusunod ang negosyo ng Aling Maria?
   A. Karinderya B. Bakeshop C. Parlor D. Internetan

2. Alin sa mga sumusunod na negosyo ang may kinalaman sa pagbili ng mga produkto at pagbinta sa mga ito sa mas mataas na presyo?
   A. Repair Shop B. Barber C. Buy and Sell D. Parlor

3. Isang magaling na mekaniko sa Mang Kanor sa Maynila. Nang dahil sa kasalukuyang dinaranas na pandemya, si Mang Kanor ay umuwi sa probinsya. Nag-iisip siya ngayon na magtayo ng isang negosyo. Gamit ang kasanayang mayroon siya, anong negosyo ang mainam na itayo ni Mang Kanor?
   A. Bakeshop
   B. Repair Shop
   C. Barber Shop
   D. Machine Shop

4. Alin sa mga sumusunod na negosyo ang nauusong itayo ngayon dahil sa dami ng tao na nangangailangan kumuha ng mahalagang impormasyon at mga taong nahihilig maglaro ng mga online games?
   A. Kainan
   B. Patahian
   C. Internetan
   D. Pagawaan

5. Ang mga sumusunod na negosyo ay kumikita sa pamamagitan ng pag-alok ng serbisyo sa kanilang mga costumer maliban sa isa. Alin ito?
   A. Parlor
   B. Barberya
   C. Repair Shop
   D. Sari-Sari Store

# Susi ng Pagwawasto

SUBUKIN

1. barberya
2. sari – sari store
3. karinderya
4. repair shop
5. patahian

BALIKAN

1. Pasyente
2. Mag-aaral
3. Sanggol
4. Sastre
5. Karpintero

PAGYAMANIN

1. Tama
2. Tama
3. Mali
4. Mali
5. Tama

ISAGAWA

( maaring ang mga sumusunod o iba pang negosyo na makikita sa pamayanan)

1. sari-sari store
2. repair shop
3. internetan
4. barber
5. karinderya

TAYAHIN

1. A.
2. C
3. D
4. C
5. D

# *Sanggunian*


- Most Essential Learning Copetencies (EPP5IE-Oa-I – Oa3)
- Kanais-nais na Katangian ng Taong Dangal sa Paggawa
- Masayang Paggawa, Maunlad na Pamumuhay 5, 2nd ed.p.118
- CIDA-PEARL/ Phils Med The Entrepreneur's Handbook, pp.4-7